

The Baptist Tabernacle of Los Angeles

1329 South Hope Street, L.A. Civic Center

Mailing Address:
P. O. Box 15308
Los Angeles, CA 90015
Phone: (213) 744-9999

E-mail: rlhymersjr@sbcglobal.net
www.sermonsfortheworld.com
www.baptisttabernacle.com



Dr. R. L. Hymers, Jr.
Founding Pastor
Dr. Christopher L. Cagan
Pastor

Disyembre, 2019

Minamahal kong Kaibigan:

Sana ay mapadalhan kita ng mas maligayang Pampaskong sulat. Ngunit, upang maging tapat, dapat kong sabihin sa iyo na sa lumipas na isang taon at kalahati nakaranas kami ng isang tunay na teribleng paghihiwalay ng simbahan.

Nagsimula ito maraming buwan bago ng nahuling taon. Ang aming kataastaasang diakono ay nagsimulang magkaroon ng lihim na pagpupulong kasama ng isang pastor. Silang dalawa ay nagplanong sirain ang aming simbahan. Gumawa sila ng planong nagsimula ng ibang simbahan at humatak ng kasing raming mga tao na posible mula sa amin. Noong natagpuan ko ang tungkol rito huli na upang maiwasan ng isang malaking paghihiwalay ng simbahan.

Nagsimula noong isang naiinis na diakono ay sunubok na makuha akong “makipag-suntukan.” Noong tumanggi akong makipag-away, nilisan niya ang simbahan. Di nagtagal ang iba ay sumunod. Ang tagapangulo ng mga diakono ay naglagay ng mga pornograpikong mga ritrato ng kanyang sarili sa kanyang websayt. Ang isa sa mga “manghihiwalay” ay sumubok na i-blakmayl ako gamit nitong mga ritratong mga ito, at ang mga pulis ay nasangkot. Ang tagapangulong diakono at ang kanyang asawa ay lumisan mula sa aming simbahan.

Sa panahong ito, ang nakatataas na diakono ay naging bukas na aktibo. Nilisan niya ang aming simbahan at nagsimulang humatak ng marami sa aming mga tao na posible. Dahil ang nakatataas na diakonong ito ay naging pinuno sa aming simbahan ng maraming dekada, maraming mga tao ang sumunod sa kanya at nilisan ang aming simbahan. Sa oras na natapos na ang paghihiwalay, nakahatak siya ng halos kalahati ng aming mga tao.

Sa panahong ito ang aking mga pisikal na mga problema ay sumiklab at hindi ako makapangaral sa parehong paglilingkod sa Linggo. Isang mag-aaral ng semyaryo ay nangaral ng umaga ng Linggo. Ngunit masyado siyang bagito upang tumayo kasama ko kapag karamihan sa kanyang malalapit na mga kaibigan ay lumisan sa paghihiwalay. Noong ika-20 ng Pebrero sinira ng binatang ito ang aming samahan. Siya at ang kanyang ina ay nilisan ang simbahan at nagsimulang magpunta sa mga bagong ebanghelikal na mga simbahan. Noong ika-23 ng Pebrero, nagbitiw ako bilang pastor at si Dr. Christopher Cagan ang naging bagong pastor. Ako ay hiniran na Pastor Emeritus. Masyado akong mahina upang magpunta sa mga pagpupulong. Noong ika-3 ng Marso, idineklara ni Dr. Cagan ang aking pagreretiro at ang kanyang sariling pagkahirang bilang pastor. Si Dr. Cagan ang pinaka dakilang Kristiyano na nakilala ko magpakilan man, maliban kay Pastor Wurmbrand. Na wala ang kanyang pamumuno ang aming simbahan ay di kailan man nakabangon.

Ngunit mabubuting mga bagay ang nagsimulang mangyari. Noong ika-26 ng Enero ang 41st na wika ay naidagdag sa aming websayt. Sa parehong araw na iyon (Enero 26) ang aming “app” ay makukuha na sa iPhone at Android. Simula noon libo-libong mga tao sa mundo ay nakisali sa amin sa pamamagitan ng “app,” pasasalamat ng higit sa isang kaibigan isang misyonaryo sa mga Hudyong mga tao sa Lungod ng New York. Tapos ang aming ika-42 na wika ay naidagdag – ang pangunahing wika ng Malawi sa Aprika. Noong ika-23 ng Pebrero, si Dr. Cagan ang naging opisyal na pastor at ako ay itinalagang Pastor Emeritus.

Hindi na kailangan pang sabihin, mahina ako at may sakit mula sa lahat ng kaguluhan na ito. Nagpapasalamat ako sa aking asawa na tumayo kasama ko sa lahat ng ito. Mula ika-27 ng Pebrero hanggang ika-20 ng Marso dinala ko siya sa isang mahabang bakasyon sa Arizona para magpahinga. Noong ika-20 ng Marso, bumalik ako upang mangaral ng Linggo ng gabi at magturo sa gabi ng Sabado.

**ANG AMING WEBSAYT AY NAG-AALAY NG DAAN-DAANG MGA PANGARAL
SA APAT NA PU'T DALAWANG WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.**

Simula noon ang gusali ng aming simbahan ay ipinagbibili. Noong ika-14 ng Abril ang aking ika-78 na kaarawan ay ipinagdiwang sa lumang gusali. Noong ika-7 ng Mayo nagsimula ako ng isang pagdidisipolong grupo para sa aming mga mapagpananampalatayang mga kabataan sa aming simbahan, gamit ang “Ebanghelismong Pagsabog” [“Evangelisim Explosion”] bilang aming aklat. Mula ika-22 ng Mayo hanggang ika-29 ng Mayo, dinala ako at ng aking asawa ni Dr. Cagan sa sakop ng San Francisco upang bisitahin ang Tsinong Bautistang simbahan at ang mainam nitong pastor. Nakasalubong din namin sina Mike at Mona Riley, ang mahabang panahong pastor ng simbahan na sinimulan ko sa Marin County. Pinalakas ni Mike ang loob ko ng higit ngunit sinisi ako para sa paghihiwalay ng aming simbahan, na nagsanhi sa akin ng higit pang sakit.

Noong ika-28 ng Hulyo nagkaroon kami ng isang malaking salo-salo sa aming simbahan para sa ika-66 na kaarawan ni Dr. Cagan. Inihayag din na ang aming bagong simbahan sa San Gabriel Valley ay papangalanang, “Ang Tsinong Bautistang Tabernakulo ng Mas Dakilang Los Angeles” [“The Chinese Baptist Tabernacle of Greater Los Angeles.”] Bumili kami ng isang bagong gusali doon at ang eskro ay malapit nang magsara.

Sa huling bahagi ng Hulyo dinala ko uli si Gng. Hymers para sa isa uling maikling bakasyon sa Oceanside. Ang aking asawang si Ileana ay walang dudang ang pinaka mahusay na asawa ng pastor sa buong mundo. Ang aking anak na si Robert Leslie ay ipinadala siya at ang parehong lolo at lola niya sa Israel. Noong ika-17 ng Nobiyembre nagsimula ako ng serye ng mga pangaral ng umaga ng Linggo at gabi. Unang beses ito na ako ay pisikal na nagawang mangaral sa parehong paglilingkod sa Linggo pagkatapos na mahabang panahon. Sa ilalim na pamumuno ni Dr. Cagan at masugid niyang pagkakayod, dalawang binata ang naligtas, at maraming mga Tsinong mga mag-aaral ang nagsimulang magpunta sa aming simbahan. Isinanla ni Dr. Cagan ang kanyang bahay sa gitnang lungsod ng Los Angeles, at naghahanap na ibang bahay malapit sa gusali ng San Gabriel. Ililipat namin ang aming simbahan sa bagong gusali sa susunod na ilang buwan.

Ang paghihiwalay ng simbahan ay mukhang tapos na. Sinabihan akong ilang araw ang nakalipas, sa City of Hope, na ang aking kanser ay mukhang magaling na. Si Dr. Cagan, ang aking asawa at ako ay nagdiwang ng Pagbibigay Pasasalamat sa aking tahanan kasama ng aking mga anak na lalake at aming mga apo, at karamihan doon sa mga tumayo kasama namin sa matinding panahon ng pagsubok na ito. Kami ay nagkaroon ng napakagandang oras na magmakakasama!

Naway pagpalain kayong lahat ng Panginoon! Paki tandaang manalangin para sa amin habang aming simulan ang Tsinong simbahan!



Ipinagmamalaki ko ang aking pamilya. Mula kaliwa hanggang kanan, Wesley, Leslie kasama ni Hannah, ako, Ileana kasama ni sanggol na Sara, ang asawa ni Leslie na si Jin, nanay ni Ileana si Linda at kanyang kapatid na si Erwin Cuellar.

Naway si Hesus-Kristo ang ating Tagapagligtas ay ipagpuri!

R. L. Hymers, Jr.,
D.Min., Th.D., Litt.D.
Mga Taga Filipino 4:13

“Ako sana’y nanglupaypay kundi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng Panginoon. Sa lupain ng may buhay. Magantay ka sa Panginoon: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa Panginoon” (Mga Awit 27:13-14).

ANG AMING WEBSAYT AY NAG-AALAY NG DAAN-DAANG MGA PANGARAL SA APAT NA PU'T DALAWANG WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.